

Tungkol sa Kalusugan

Hepatitis C

Ano ang hepatitis C?

Ang hepatitic C ay impeksyon sa atay sanhi ng virus na tinatawag na hepatitis C virus (HCV). Sa kalaunan, ito'y nagiging dahilan ng pamamaga at pagkasira ng atay.

Paano nagkakaroon ng hepatitis C?

Ang hepatitis C ay kumakalat kung sa pamamagitan ng kontak sa dugo o anumang may kasamang dugo ng isang taong may HCV infection. Nakukuha ito kapag nakagamit ka ng mga bagay na nagdadala ng dugong may HCV tulad ng mga sumusunod:

- Karayom na ginagamit ng mga nagtuturok ng gamot, nagta-tattoo o body piercing.
- Pang-ahit, gunting at sipilyo
- Iba pang kagamitan sa pagtusok o pagsinghot ng gamot tulad ng straws, kutsara, cookers at filters
- Pagsasalin ng dugo bago ang taong 1990.

Ang HCV ay nakakalat din kung nakikipagtalik o nakikipag-sex sa taong may HCV nang hindi gumagamit ng proteksyon.

May maliit na porsyento (5%-10%) ng mga babaeng may hepatitis C ang maaaring magsalin ng impeksyon sa kanilang sanggol habang buntis o sa panganganak.

Anu-ano ang mga palatandaan ng hepatitis C?

Karamihan sa mga taong may hepatitis C ay hindi nagpapakita ng sintomas.

May mga nagkakasakit ng sandali lamang at nakararamdam ng pagkapagod, pananakit ng mga kasu-kasuan, pananakit ng tiyan at jaundice (paninilaw ng balat at ng puti sa mata), sa loob ng anim na buwan, pagkasimula ng impeksyon. Karamihan ng taong nagkakasakit nito, ay nakakraraos sa mga simtomas na ito pagkalipas ng ilang linggo. Subali't matapos mawala ang mga simtomas, ang virus ay patuloy na nabubuhay sa loob ng katawan at sumisira sa atay hanggang tumatagal.

Makalipas ang sampung taon ng pagkakaroon ng HCV infection, maaaring magkapeklat ang atay (cirrhosis) at hihigit ang panganib ng pagkakaroon ng kanser sa atay.

Paano ko malalaman kung mayroon akong hepatitis C?

May mga pagsusuri sa dugo na isinasagawa para alamin kung ikaw ay may HCV. Magtanong sa iyong doktor o nars tungkol sa mga pagsusuring ito.

Ano ang maaari kong gawin kung may hepatitis C ako?

Ang atay ay mahalagang bahagi ng katawan na namamahala at tumutunaw sa mga nutrients, vitamins, minerals at iba pang kemikal sa katawan. Gumagawa ito ng mga importanteng protina at nag-iipon ng lakas para sa pagpapatakbo ng katawan. Sinisira ng hepatitic C virus ang atay at naaapektuhan ng pagkasirang ito ang kakayahan nitong gawin nang mahusay ang kanyang tungkulin. Samakatwid, mahalagang pamalagiing malusog ang atay.

Matutulungan mong panatilihing malusog ang atay sa pamamagitan ng:

- Malusog na pamumuhay sa pamamagitan ng balanseng diyeta at regular na ehersisyo, pahinga, at pagtulog.
- Iwasan o bawasan ang mga bagay na makasasama sa atay, tulad ng alak, street/recreational drugs, sigarilyo at makasasamang gamot.
- Magpabakuna laban sa hepatitis A at B. Wala pang bakuna sa hepatitis C.
- Makipagtulungan sa iyong doktor para maantabayanan ang kalusugan ng iyong atay, sa pamamagitan ng palagiang pagpapasuri sa dugo, ultrasound scans, at kung kailangan, biopsy ng atay (kukuha ng maliit na piraso ng atay para suriin).

May mga gamot para sa hepatitis C. Ang kadalasang ihinahatol ay gamot na naglalaman ng dalawang antiviral drugs, interferon-alpha at ribavirin, na iniinum ng anim na buwan hanggang isang taon, at makapagpapaalis ng impeksyon sa ilang pasyente. Kanya lamang, ito ay may mga side effects na maaaring hindi nababagay sa lahat ng taong may hepatitis C. Ang iyong doktor ang makapagsasabi kung anong gamot ang maaari mong inumin.

Ano pa ang kailangan kong pag-ingatan?

Kung may hepatitis C ka, maaaring maipasa mo ang virus na ito sa ibang tao. Para maiwasan ito:

- Huwag kang magbibigay ng dugo, organs o semen.
- Huwag mong ipagagamit sa iba ang iyong pang-ahit o sipilyo.
- Kung nagtuturok ka ng gamot, huwag makikigamit ng karayom o iba pang kagamitang ginagamit sa pagtuturok. Dapat mong malaman na kahit na nililinis ang mga ito ng bleach, hindi rin mapipigilan nito ang paglipat ng virus.
- Ipaalam sa iyong doktor, nars at dentista na mayroon kang hepatitis C.
- Gumamit ng kondom sa pakikipag-sex.

Paano kung pareho akong may hepatitis C at HIV?

Ang hepatitis C at HIV ay maaring makaapekto sa isa't-isa sa pamamagitan ng iba't-ibang paraan.

Napag-alaman sa ilang pag-aaral na may mga taong nagtataglay ng parehong impeksyong ito ay nagkakaroon ng mga komplikasyong nauugnay sa AIDS sa loob ng mas maikling panahon. Samakatwid, lahat ng mga mungkahi para mabawasan ang panganib at mapanatili ang kalusugan ay mas higit pang mahalaga kung mayroon ng mga sakit na ito.

Sinasabi rin ng pag-aaral o pag-saliksik na kapag nagtataglay ng dalawang impeksyong ito ay mas mabilis na magkakaroon ng cirrhosis at maaaring maiba ang resulta ng gamot laban sa HIV.

Mas mahirap gamutin ang dalawang sakit na ito sa dahilang, karamihan ng mga gamot laban sa HIV ay maaaring makasira sa atay. Samakatwid, hindi lahat ng may HIV at HCV ay ginagagamot para sa dalawang sakit na ito nang sabay.

Kung kailan at kung anong gamot ang iniinom mo ay ibinabatay sa kondisyon ng iyong impeksyon at kung gaano kalala ang pagkasira ng iyong atay. Kumunsulta sa iyong doktor tungkol sa paraan ng paggagamot na nababagay sa iyo.

Copyright @ACAS 2001 & 2003. This fact sheet is produced by ACAS (Asian Community AIDS Services) and is available in English, Chinese (Traditional and Simplified), Tagalog and Vietnamese. Funding for this project is provided by the Ontario HIV Treatment Network (OHTN) and Health Canada. Copies can be downloaded at : www.acas.org/treatment. ACAS provides comprehensive support and case management services for Asian people living with HIV/AIDS; and HIV/AIDS prevention education to the east and southeast Asian Canadian populations in the Greater Toronto Area. ACAS is located at 33 Isabella Street, Suite 107, Toronto, Ontario M4Y 2P7. Tel: (416)-963-4300, Fax: (416)-963-4371 Email: support@acas.org

Legal Disclaimer: While we make every attempt to ensure the accuracy and reliability of information contained in this website/ fact sheet, the information provided here are designed for reference purposes only. These information should not be relied upon as a substitute for medical advice from a qualified professional health care provider and should not be used for diagnosing or treating a condition or illness. Please consult a physician if you have any concerns about your health, treatment regimen and questions related to HIV/AIDS. ACAS, its employees and board members will not be responsible for any loss or harm, however arising, from the use of, or reliance on this information.